

# Garbo, Rukyaw: Pagdiriwang ng Panitikang Pilipino sa Iba't ibang Wika

RANIELA E. BARBAZA  
KARLO MIKHAIL I. MONGAYA  
MARY JANE B. RODRIGUEZ-TATEL  
Unibersidad ng Pilipinas Diliman

**G**arbo! Rukyaw! Ipagdiwang! Ipagbunyi! Ipagmalaki natin ang yaman ng ating panitikan sa iba't ibang wika, sa iba't ibang panahon, sa iba't ibang posisyong diskursibo. Pilipino tayo. Panitikang Pilipino ang panitikan natin.

Garbo ang salitang Sugbuhanon para sa pagmamalaki. Humigit kumulang ay ito rin ang pagpapakahulugan ng “rukyaw” sa wikang Bikolnon. Sinasagisag ng dalawang salita ang pananagumpay ng tao sa anumang hamon sa buhay, bunga ng kaniyang pagpupursige. Ano pa't nakahabi sa pagdiriwang ang pagdakila at pagmamalaki.

Ipinagdiriwang ng isyung ito ng *Daluyan* ang yaman ng Panitikan ng Pilipinas. Tapos na ang panahong kailangan nating igiit na mayroong Panitikan ng Pilipinas. Tapos na rin ang panahon para itangging disyerto ang larang ng Panitikan ng Pilipinas. Katunayan, malalim ang bukal ng yaman ng ating panitikan—dumadaloy mula sa iba't ibang mga wika sa kapuluan. Kung kaya, garbo, rukyaw!

Sa lalim nitó sinusuhayan ang lakas at sigla ng ating kolektibong SARILI, ng ating pagka-Pilipino. Isang mahalagang tagpo ang ipinipinta ng salimbayan ng rukyaw (pagdiriwang) at garbo (pagmamalaki) sa panitikang Pilipino. Lumilikha ang nasabing tagpo ng isang punto ng pagninilay para sa pagmamalay ng kolektibong SARILI. Sino o ano nga ba ang Pilipino?

Mahigit tatlong daang taon ng kolonyalismong Español bago natin inangkin ang pangalang “Pilipino”

upang sumagisag sa ating paglaya at pagsasabansa. Masalimuot at liko-likong proseso ang pag-aangkin mula sa kolonyal nitóng kaligirang “Filipino” sa pagtatapos ng ikalabinsiyam dantaon—ang maduláng yugto ng Himagsikan at pagkilala sa tunay na Inang Bayan. Batbat ito ng hamon at mga kontradiksiyong kakabit ng pagmamalay sa “sarili.” Una, isinunod ang “Filipino” sa ngalan ni Haring Felipe II na inilapat sa noo’y bago niyang posesyon—ang *Las Islas Filipinas*. At mga Español sa Pilipinas o insulares ang unang “Filipino” habang tayong mga sakop ay “Indio.”

Ikalawa, sa punyaging ibangon ang dangal ng liping inaaglahi, kahit ang katagang “Indio” ay pinapagbagong anyo bilang “Indios Bravos” (Rizal 1889, sinipi sa Sohn 2010, 552). Hanggang sa magpasya silang angkinin ang “Filipino.” Kung kaya, mga ilustrado o Hispanisadong Pilipino ang unang nag-angkin dito. Ito ang ikatlong kabalintunaan. “Filipinisasyon” ng “indio” ang naging daan sa pagsasabanyaga o Hispanisasyon ng sariling diwa (Salazar 1999, 21–32). Kinailangang matutong mangastila upang maging “Filipino.” Sapagkat sa wika ng mananakop pinadadaloy ang karahasan ng kaalamang nang-aalipusta, wika rin ng mananakop ang sinandata. Nagpatuloy ang kabalintunaan ng “Filipinisasyon”

na sa panahon ng sumunod na kolonyalismo ay nag-anyo namang “Amerikanisasyon. Ang ilustrado ng ikalabinsiyam dantaon ay nag-anyong pensionado ng ikadalawampung dantaon, mga akulturadong Pilipinong nagpatuloy sa pagsasabanyaga ng sariling diwa.

Ikaapat na hamon at kontradiksiyon, kung sa sinapupunan ng mga akulturadong intelektuwal naipunla ang “Filipino” matapos ang kolonyalismo, taglay rin o minana nitó ang mapanaklaw (homogenizing) at nanggagahum (hegemonic) na tendensiya ng kolonyal na nasyon-estadong nagsilang dito. Nakamtan diumano natin ang politikal na independensiya subalit hindi pa rin naman tayo ang nagpapasya. Bihag na kamalayan ang mabunying pamana ng kolonyalismo at ang Pilipinong elit sa kanilang mga susing papel bilang politiko at akademiko ang nagsilbing tagapagmana. Sa panukat at pamantayan ng progreso, sibilisasyon, at intelektuwalismo ng dating kolonisador, nag-asta silang anino o copy-cat sa nagpapatuloy na naratibo ng “little brown brother” (Taft 1901, 35; Cullinane 2003; Salazar 1999).

Isang kritikal na bagtasan sa ating kasaysayan ang interkolonyal na transisyon mula Español patungong Amerikanong kolonyalismo. Matinding hamon ang iniumang nitó para sa tinaguriang “cerebro del país”—ang mga Pilipinong intelektuwal. Nangangabay sila sa dalawang magkaiba, kundi man ay magkasalungat na realidad: una, bilang anak ng “*La Ilustracion*” [mula sa natamong kanluraning edukasyon] at ikalawa, bilang mga “anak ng Bayan” [mula sa lupang tinubuan]. Bilang “utak” paano nila pagagalawin ang “katawan”? Mula sa dalawa nilang pinagmumulan, saan nila ito dadalhin? Tila nanghihingi ng malalim na pagmumuni ang pahayag na ito ni Resil Mojares sa kaniyang aklat na nakapatungkol sa mga “utak ng Bayan” (*Brains of the Nation*, 2006) ang pamagat. Aniya,

When Rizal spoke of intellectuals as the “brains of the nation,” by what alchemy of history did he imagine that the brain could become one with the body itself? Rizal was enough of a realist to know the extreme difficulty, even essential impossibility, of the dream but he understood that nations live on such dreams. (Mojares 2006, 505)

Hindi panaginip na nalilikha sa pagtulog ang tinutukoy rito, kundi pangarap na kakabit ng pagmamalay sa paligid habang inihahabi sa kasalukuyan ang kinabukasan. Subalit ang pagmamalay ay hindi lamang dayalogo ng kasalukuyan at kinabukasan. Makapangyarihang aktor ang nakaraan sapagkat sa kahapon nag-uugat ang ngayon. At kung hindi matatag ang pagkakaugat, mababansot o kundi ma’y hindi susuloy ang bukas. Higit pa sa mga pagbabago, mga katuluyan (continuities) ang nagbibigay-saysay sa ating kolektibong salaysay.

Kung sa ibaba tayo tutunghay masisipat nating patuloy, walang patid ang paggigiit at paninindigan. Kung kaya, ang ibaba, ang pinagmumulang pamayanan

ang siyang sumusuhay sa ating “pagpapaka” (“becoming”). Sa simula pa lang ng pagdating ng mga mananakop inaapuhap na ang pinagmulan – ang lugar ng mga “pre-Hispanikong Pilipino” (Scott). Upang lábanan ang diskurso ng “gentes salvajes” na ipinaparatang sa sangka-“Indiohan” bumuo ang mga ilustrado ng isang kontra-diskursong pangkalinangan gamit ang “la antigua civilizacion” (ginintuang panahon ng sinaunang kabihasan”) (Paterno 1887 sinipi sa Reyes 2011) gayundin ang “el saber popular” (kaalamang bayan) na nasa kaibuturan ng dadalumating “el folk-lore filipino” ni Isabelo de los Reyes (1889) (Mojares 354, 472). Ito rin ang dahilan sa likod ng anotasyon ni Rizal (1890) sa *Sucesos de las Islas Filipinas* (1609) ni Antonio de Morga. Lahat ng ito ay nagtatanghal sa katatagan, lakas at sigla ng ating mga dunong katutubo—kaalaman at kasanayan, teknolohiya at praktika ng mga sinaunang pamayanan: “bayan,” “balen,” “baley,” “ili,” “banwa,” “inged,” “bungto,” “nasud/lungsud/pungsod,” “dalepa” atbp.—mga katawagang nagsisilbing artikulasyon ng “kabuoang wika-at-kalinangan” o “grupong etnolingguwistiko.” Tinawag din ito ng historyador-etnologong si Zeus Salazar na “estadong bayan” o “estadong etniko” bilang pinakamataas na yugto ng politikal na organisasyong naabot ng ating mga ninuno sa bisperang ng kolonyalismo.

Lampas pa sa barangay o grupo ng mga mag-anak, ang estadong bayan ay bukluran ng mga bayan-bayan sa loob ng isang partikular na grupong etnolingguwistiko (Rodriguez 2006/2020). Interdependensiya ang bumabalangkas sa nasabing kabuoan. Produkto ito ng mga resiprokal na ugnayan sa pagitan at sa hanay ng mga pamayanan sa bisa ng pagpapangasawan (intermarriage), palitan ng kalakal, maging sa pamamagitan din ng digmaang lumulundo sa mga kasunduang pangkapayapaan. Sentral sa mga ugnayang ito ang daloy ng ilog. Mula sa mga pamayanan sa-rawa o uluhan (headwater) sa kabundukan, nagsasanga-sanga ang mga ito patungo sa-laud (ang dinadalúyan sa ibaba) habang binabaybay ang karagatan (Rodriguez-Tatel 2007; 2020). At sa pagsasang-sanga, lumilikha ito ng isang kawing ng mga ugnayang ipinapahayag sa salitang “salapongan” ng mga Tagalog, “serepungan” o “salapungan” ng mga Menuvu, “salabpungan” ng mga Ata Manobo, “beddeng” ng mga Ilokano. Ibig sabihin, sentral ang ilog/kailugan bilang batayan ng ating lugar o puunan (pinagmulan) at identidad. Kung kaya nasambit ng isang Talaandig ng Bukidnon, “Lahat naman tayo taga-ilog.” Mula hilagang Pilipinas hanggang sa katimugan, marami tayong maaapuhap na katibayan: ang Itneg ay mula sa ilog Tineg, ang Kapampangan ay mula sa pampang ng ilog, Umayamnon ay mula sa ilog Umayam; ang Tinananen, mula sa ilog Tinanan; Tigwahanon, mula sa ilog Tigwa; Pulangiyan, mula sa ilog Pulangi; A/Erumanen ne Menuvu, mula sa maalamat na sapang “Aroman” (Ayuman sa ulahingan) at marami pang iba (Rodriguez 2021). Bilang paggalang at pagpapahalaga sa pinagmulan, itinuturing din nila itong banal. Isang sapang tributaryo ng Pulangi ang “Nelendangan” ng mga Erumanen na kanilang isinaalamat sa ulahingan

bilang “Paraiso sa Lupa” (Babelon sinipi sa Rodriguez 2021, 551).

Makapangyarihan kung gayon ang kailugan sa pagbalangkas ng ating mga pamayanan at kakaniyahan. Katunayan, napagtanto na ito noon ng Katipunan (KKK) kung kaya nila dinalumat ang ating kabansaan sa “Katagalugan”—upang hubdan ng hibong kolonyal ang ating pangalan. Pamalit sa “Las Islas Filipinas” nais nilang umugat sa ating sariling sensibilidad. Sa puntong iyon, pinapagbagong-anyo ang salitang “Tagalog” bilang pantukoy sa “lahat ng tumubo sa Sangkapuluang ito... Bisaya man, Iloko man, Kapampangan man, atbp., ay Tagalog din” ani Emilio Jacinto (1896, sinipi sa Almario 1993, 156). Simple lang ang paliwanag ng rebolusyonaryong si Carlos V. Ronquillo ukol dito. Tinawag niyang “tagailog” ang “tanang anak ng Pilipinas, saa’t saan mang pulo at bayan” dahil sa tayo’y “maibiging manirahan sa tabi ng ilog” at ito’y “di maikakaila na siyang talagang hilig” natin.

Samakatwid, itinakda na ng kalikasan ang isang talinghaga ng ating pagkakaugnay-ugnay at patuloy na ugnayan. Mauulinigan ito sa sinabi ni Prospero Covar sa agenda ng ating pagsasabansa. Aniya: “Ang ating karanasan ay pagbubuo ng Pilipinong kultura buhat sa iba’t ibang daloy at batis na mayroong katangiang kaayusan” (Covar 1991/2007, 69). Sa talinghaga ng daloy, naitatampok ang magkakaiba (kung kaya natatangi) subalit magkakaugnay na kakaniyahan. Di nga kasi’y wala umano tayong “great traditions,” puna ni Prop. Niels Mulder ng Unibersidad ng Bielefeld, Alemanya, bagkus “shared culture” (*Ibid.*); samakatwid, isang tagpuan o bahaginan ng magkakaiba at natatangi subalit magkakaugnay at patuloy na nag-uugnayang mga kalinangan.

Salungguhitan natin ang pagkakaiba-iba at pagkanatatangi. Batid nating taliwas ito sa diskurso ng “culture center” na batayan ng pagtatakda ng “great” at “little traditions”—ang sinasandigan ng isang hegemonikong estado. Sa nasabing “pinagsasaluhang kalinangan” may bumubukal na organikong kaisahang nakabatay hindi sa nakababaog na unipormidad, bagkus sa masiglang palitan o bahaginan ng magkakaiba-iba. Sapagkat walang magkaparehong nagkakapalitan. Hugpungan ito sa anyo ng “salapungan”—ang talinghaga ng nagsasanga-sangang mga daloy ng kailugan. Dalawang magkaibang bahagi ang pinaghuhugpong. Magkapatid o magkaputol. Ibig sabihin, sa kabila ng pagkilala sa iisang pinamulan isinasaalang-alang ang pagkaroon ng “katangiang kaayusan.” Hindi ito isang kaisahan o “kabuoang-walang-lamat” o walang putol. Ano pa nga’t magkaputol talaga ang pinaghuhugpong. Subalit sa kabila ng mga pagkakaiba-iba na maaaring singawan ng tunggalian o hidwaan, hangga’t may pagtatalaban, nagkakaroon ng bisa sa isa’t isa (Rodriguez-Tatel 2007, 2008). At ito ang malaking hamon sa atin ngayon: paano paghuhugpong-hugpungin ang mga pinolitikang kaibahan upang maipihit ang ating pananaw patungo sa isang mas makabuluhang talában?

Wika ang pangunahing susi sa nasabing “talában” na maihalalintulad sa isang “serepungan/salapungan”

ng iba’t ibang daloy ng kailugan patungo sa inaadhikang pagpapaka-Pilipino. Nakasaad sa Saligang Batas ng 1987 (Art. 14, Sek. 6): “Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nalilinaang ito ay dapat payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na mga wika ng Pilipinas, gayundin ang mga likhang sining.” Samakatwid, magkakaharap ngayon ang lahat ng mga wika sa Pilipinas upang lamnan ang patuloy na paglilinaang. Magkakaharap gayundin ang mga panitikang dinadalúyan ng mga wikang ito. Nakatindig at naninindigan tayo ngayon sa para sa isang “serepungan/salapungan”—tagpuan, salimbayan, talában ng iba’t ibang grupong etnolingguwistiko. Sapagkat ang pagmamalay sa sarili ay pagmamalay rin sa kapuwa bilang makabuluhang kabahagi ng sarili.

Matagal na proseso ang pagmamalay sa sarili bilang isang sarili ayon na rin sa isinalaysay ni Lumbea (2000, 3-4). Naganap ang pagkagulantang ni Lumbea na siya nga pala’y hindi lamang isang akademiko kundi isang akademikong Pilipino noong huling bahagi ng dekada limampu. Sa parehong dekada rin na iyon, nananaliksik na rin sina Felipe Landa Jocano (sugidanon ng Panay), Maria Lilia F. Realubit (panitikan ng Bikol), at Damiana Eugenio (awit at korido). Bagama’t si Jocano ay nanaliksik bilang isang antropologo, isa sa mahalagang ibinunga ng kaniyang pananaliksik ang narekord niyang bersiyon ng Hinilawod na inawit ni Huga-an. Itinulak kapuwa sina Jocano at Realubit ng hangaring mapatunayan na mayroon ang pakiwari noon na wala/hindi (negasyon/absence): walang sugidanong Pilipino (Jocano 2011, ix), at walang panitikang Bikol. Samantalang si Eugenio naman ay nagnais na mailugar ang korido ng Pilipinas sa pandaigdigang tradisyon ng panitikang popular (1987, ix). Hinarap ni Realubit ang tinanong sa kaniya sa isang klaseng gradwado niya noon: “Bikol literature—is there such one?” (1983 i). Ngunit ilang dekada pa ang magdadaan bago mailathala ang mga pananaliksik nila. Dekada otsenta na mailalathala ang pag-aaral ni Realubit. Isasalin ni Jocano sa wikang Ingles ang unang bahagi ng nirekord niyang inawit na sugidanon ni Huga-an noong dekada sitenta at ilalathala ito noong 2000. Dekada otsenta na rin nailathala ang pananaliksik ni Eugenio.

Tiyak na ang hugis ng pagpihit ng pananaw ng mga iskolar na Pilipino noong dekada sitenta. Panahon ito na ng paglalatag ng ano at paano gagawin ang mga susunod na mga pag-aaral at pananaliksik. Taóng 1976 unang nalathala ang sanaysay ni Lumbea na “Towards a Revised History of Philippine Literature” samantalang taóng 1973 naman nalathala ang artikulong “Towards a Re-Oriented of Literary Studies” ni Rolando Tinio. Ang pagkilala sa dalawang kritiko bilang pambansang alagad ng sining sa panitikan ay tanda ng kanilang papel sa pagsasapilipino ng produksiyon ng kaalaman. Ang reoryentasyon, katunayan, ayon kay Tinio ay paghahanap ng nawawalang sarili: “we are looking for a lost consciousness” na isang gawain ng panunuring pampanitikan dahil ito rin ay paghahanap ng “lost literary sense” (356). Sa isa pang sanaysay na nalathala sa dekada sitenta rin, upang maisagawa

ang reoryentasyon sa pananaliksik ng panitikan ng bansa, tinukoy ni Lumbera na isa sa mga suliranin sa pananaliksik sa tinatawag pa niya noon na panitikang “bernakular” ang kakulangan ng mga taóngmay nais manaliksik dito. Aniya, sampung taon bago niya isulat ang artikulo, “any young Filipino who had an interest in literary studies automatically turned to the study of English and American literature” (1984, 107). Kaya nga inilarawan niyang bako-bako ang daan sa pananaliksik ng panitikan ng Pilipinas sa sariling mga wika nitó.

Halos limampung taon na ang nakararaan mula nang nilathala ang mga artikulong ito. Ngayó’y marahil masasabi natin na may liwanag na at hindi na gaanong baku-bako ang dinadaanang landas ng mga mananaliksik ng panitikan ng Pilipinas sa sariling mga wika nitó. Makikita natin sa mga artikulong kasáma sa isyung ito ng *Dalúyan* na may kabataang mananaliksik na rin tayong pumipiling paksain ang sariling panitikan. Pumupunta ang kabataang mananaliksik ngayon sa mga arkibo, sa mismong mga pamayanan, sa mismong mga pagtatanghal ng mga likha, sa pagtitipon ng mga manunulat, sa kanayunan.

Malinaw na malay ang mga mananaliksik ngayon ng at sa kanilang pagkaPilipino. Hindi na lamang hindi nakakagulangang para sa kanila na saliksikin ang sariling panitikan bagkus ito ay sa wari ay otomatiko nang pinipili ng kabataang mananaliksik ngayon. Kung ang rebisyon at reoryentasyon na tinakdang gawain nina Tinio at Lumbera ay isang pagbabalik sa sarili, makikita natin na masigasig na ginagampanan ito ngayon ng ating kabataang mananaliksik. Bahagi ng reoryentasyon ang pagkawala sa hindi-sariling pamantayan sa panunuring pampanitikan kaya ang pagkalaya mula sa pamantayang hindi-sarili ay nagbunsod ng pananaliksik sa iba’t ibang anyong pampanitikan. Lumilitaw ito sa mga artikulo sa isyu na ito ng *Dalúyan*.

Hindi na natatakot sa pagkakaiba-iba ang mga mananaliksik natin ngayon. Sa halip, ipinagdiriwang pa at iniigiban ng kaalaman tungkol sa sarili. Ang pagkaPilipino na sinasaliksik ng mga mananaliksik natin ngayon ay hindi na ang isahang tumbasang ang Tagalog ay Pilipino. Bagkus, kinikila ng mga artikulo sa isyung ito ng *Dalúyan* na maraming pangalan ang Pilipino.

Sa pananaliksik ni Leceña, ang Pilipino tulad ng wika niya’y maaring tulad ng varayti ng Pilipino na tinatawag na Filipino Sox na sinasalita sa Rehiyon 12. Pinapakita ng saliksik ni Leceña ang papel ng mga bagong dalúyang pampanitikan tulad ng zine at mga komunidad ng manunulat at mambabasa na tumatangkilik nitó sa higit na pagpapayaman ng wikang ito.

Bikolnon naman ang Pilipino sa pag-aaral ng koridong Bikol ni Cledera na sinusundan ang pananaliksik na sinimulan pa ni Eugenio at ni Carpio para sa koridong Bikol. Hindi na prinopoblema ng pananaliksik ni Cledera kung tama bang saliksikin ang korido tulad ng hinarap na suliranin ni Eugenio. Mahalagang saliksiksin katunayan ang korido dahil sa kasikatan nitó sa buong kapuluan sa matagal na panahon kaya nga nilayon ng pag-aaral ni Cledera na unawain ang mga ito bilang lunan ng tunggalian ng puwersa ng

sarili at ng hindi-sarili.

Pilipino din nga ang mga Ibaloi kaya’t hikayat ni Piluden sa kaniyang papel na *matmatnëng* [maingat (na) makinig] sa mga addem ng Ibaloi na bahagi ng chiva sapagkat “may potensiyal ito na magdala ng mensahe ng paghilom at paghaharaya ng isang mas makatarungang mundo.” Napapanahon din ang pagpapatampok ni Piluden sa mga katutubong kaalamang Ibaloi na pumapatungkol sa pananatili at pagtatanggol sa kalikasan, bagay na kamakailan na lamang binibigyan ng pagkilala ng mga siyentista, mananaliksik, at mga otoridad.

Pilipino ang mga mangingisda sa barangay ng Tagalog at Coloong sa Valenzuela kaya’t nanalambaw (nangisda gamit ang lambat na tinatawag na lambaw sa Valenzuela) si Gabumpa ng mga kuwentong bayan sa dalawang barangay na ito upang *matmatnëng* ng mga naiatala sa mga kuwento na “kasaysayan, kaalamang-bayan, at mga paniniwala” ng mga Pilipinong Valenzuelan. Mahalagang lunan ng mga pagbabagong sosyo-ekonomiko ang mga hanggahan ng lungsod at nayon (Borras), isang prosesong panlipunan na tumatawid sa mga kuwentong bayan na tuon ng saliksik ni Gabumpa.

Pilipino ang mga bata paalala sa atin ni Angeles sa kaniyang papel. Isang katotohanang marahil nalilimutan nga sa isang lipunang tulad ng Pilipinas na may mataas na pagtingin sa nakatatanda. Tuon ng papel ni Angeles ang mga dulá ng Arts Zone Project ng PETA na nagtatanggol sa mga karapatan ng mga bata. Mahalagang banggitin ang pagsisikap ng proyekto na dalhin at itanghal sa iba’t ibang dako ng bansa ang mga dulá at ang bitbit nitóng pandaigdigang pandaigdigang diskurso hinggil sa karapatan ng mga bata.

Rebolusyonaryo naman ang Pilipino sa sanaysay ni Salditos. Natatangi ang artikulo ni Salditos hindi lamang dahil salin ito kundi dahil malawak ang sakop nitó hindi lamang temporal kundi pulitikal din. Tinalakay ng artikulo ang mga pangyayari sa kasaysayan ng Panay at ang produksiyong pampanitikan dito na hindi natatalakay ng ibang mananaliksik dahil marahil sa kawalan ng akses sa mga ito.

Kalikasan ng wika sa mga Pilipinas na magtiyak ng pangngalan sa pamamagitan ng pag-uuri ng isang pangngalan gamit ang isa pang pangngalan na kumikilos bilang pang-uri tulad ng Bikolnong Pilipino, Bisayang Pilipino, Pilipinong Ibaloi, mangingisdang Pilipino, rebolusyonaryong Pilipino, batang Pilipino.

Samakatwid, mismong wika natin ang kumikilala na maraming pangalan ang Pilipino. Ipagdiwang natin sa ating panitikan.

## MGA SANGGUNIAN

Almario, Virgilio S. *Panitikan ng Rebolusyon*(g 1896), Lungsod Quezon: UP Press, 1993.

Borras, Saturnino Jr. “Contemporary Agrarian, Rural and Rural–Urban Movements and Alliances.” *Journal*

- of *Agrarian Change* 23, blg. 3 (2023): 453–76.
- Covar, Prospero. “Pilipinolohiya.” *Nasa Mga Babasahin sa Agham Panlipunang Pilipino: Sikolohiyang Pilipino, Pilipinolohiya, at Pantayong Pananaw*, inedit nina Arthur M. Navarro at Flordeliza Lagbao-Bolante, 62-71. Quezon City: C & E Publishing Inc., 2007.
- Cullinane, Michael. *Ilustrado Politics: Filipino Elite Responses to American Rule, 1898-1908*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2003.
- Eugenio, Damiana. *Awit and Corrido: Philippine Metrical Romances*. Lungsod Quezon: University of the Philippine Press, 1987.
- Jocano, Felipe L. *Hinilawod: The Adventures of Humadapnon (Tarangban)*. Trans. Felipe Jocano. Lungsod Quezon: Punlad Research, Inc, 2000.
- Lumbera, Bienvenido. “Towards a Revised History of Philippine Literature.” *Revaluation: Essays on Philippine Literature, Cinema, and Popular Culture*. Lungsod Quezon: Index Press, 1984.
- Mojares, Resil. *Brains of the Nation: Pedro Paterno, T.H. Pardo de Tavera, Isabelo delos Reyes and the Production of Modern Knowledge*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press, 2006.
- Realubit, Maria Lilia F. *Bikols of the Philippines*. Naga City: A.M.S. Press, 1983.
- Reyes, Portia. *Panahon at Pagsasalaysay ni Pedro Paterno, 1858-1911: Isang Pag-aaral sa Intelektuwalismo*. Lungsod Quezon: Vibal Publishing, Inc. at BAKAS, 2012.
- Rizal, Jose. “Mga Pangyayari sa Sangkapuluang Pilipinas” (“Events in the Philippine Islands”/ (Sucesos de las islas filipinas por Antonio de Morga) recently brought to light and annotated by José Rizal, 1890 [https://issuu.com/filipinasheritagelibrary/docs/mga\\_pangyayari\\_sa\\_sangkapuluang\\_pil?e=18015266/13675952](https://issuu.com/filipinasheritagelibrary/docs/mga_pangyayari_sa_sangkapuluang_pil?e=18015266/13675952). Inilimbag noong Hunyo 19, 2015; inakses noong Hunyo 15, 2022.
- Rodriguez-Tatel, Mary Jane. “Ang Dalumat ng ‘Bayan’ sa Kamalayan at Kasaysayang Pilipino.” Bagong Kasaysayan: Mga Pag-aaral sa Kasaysayan ng Pilipinas. Monograf/Lathalain Blg. 15 (Revised Edition). Lungsod Quezon: Palimbagan ng Lahi, 2006/2020.
- Rodriguez-Tatel, Mary Jane. “Beddeng ken Pakasaritaan: Ang Salaysay ng Paracelis, Mt. Province sa Huggpungang Kailokuan-Kaigorotan.” *Philippine Humanities Review* (2007), Vol. 9, 204–238.
- Rodriguez, Mary Jane. “Serepungan: Ang ‘Katutubo’ sa Huggpungan ng mga Diskurso (Isang Pag-aaral sa mga Erumanen ne Menuvu at Teduray-Lambangan), PhD Disertasyon, University of the Philippines, 2021.
- Salazar, Zeus. “Wika ng Himagsikan, Lenguwahe ng Rebolusyon,” *BAKAS*, Lathalain Blg. 8, 1999.
- Scott, William Henry. *Prehispanic Source Materials for the Study of Philippine History*. Lungsod Quezon: New Day Publishers, 1984.
- Sohn, Stephen Hong. “Los Indios Bravos: The Filipino/American Lyric and the Cosmopoetics of Comparative Indigeneity.” *American Quarterly*, 62, no. 3, 2010, 547–68.
- Taft, William H. “Report of the United States Philippine Commission”. In *Report of The United States Philippine Commission to the Secretary Of War* (December 1, 1900–October 15, 1901), 35–38. Washington: Government Printing Office, 1901.
- Tinio, Rolando. “Towards a Re-Orientation of Literary Studies.” *Philippine Studies* 2, Blg. 4, (1973): 438–442.





